

## Tungkol sa diumano'y malawakang pagrerekrut ng BHB ng mga mandirigmang bata

**A**ng mga bata at kabataan ay mga sektor ng lipunan na itinuturing ng rebolusyonaryong kilusan na dapat pukawin, organisahin at pakilusin para sa rebolusyon. Milyun-milyong bata at kabataang anak ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang pinagsasamantalahan at inaapi ang isinasadlak ng bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa labis-labis na paghihikahos, pagkabusabos at madilim na kinabukasan.

Ibayo pa silang pinahihirapan ng kasalukuyang sagadsaring reaksyunaryo, papet, anti-demokratiko at antimasang rehimeng US-Estrada. Sa patakaran ng imperyalistang “globalisasyon” at todong denasyunalisasyon, deregulasyon at liberalisasyon—sila at ang kanilang mga ama at ina ay walang-awang ipinaubaya sa kasakiman sa dambuhalang sobrang tubo ng dayuhang monopolyong kapital at paghuthot ng mga lokal na malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Biktima sila ng malaganap na mga kampanya at operasyong militar ng AFP-PNP na tinatampukan ng mga sapilitang pagpapalikas, pagkontrol sa pagkain at populasyon, walang patumanggang panganganyon at pamamaril, mga ilegal na pangahalughog at pang-aaresto at iba pang klase ng pasistang pang-aabuso at pananakot. ►

### *Mula sa patnugutan*

**U**pang gunitain ang Pandaigdigang Araw ng mga Karapatang-tao, inilalathala itong paunang labas ng isyung Nobyembre-Disyembre 1999 ng *Ang Bayan*. Layunin ng kasalukuyang isyu na ito na ituon ang atensyon sa usapin ng mga karapatan ng bata sa konteksto ng umiiral na digmang sibil sa Pilipinas.

Sa partikular, nilalayong pasinungalingan ang mga pagpapanggap na maka-bata ng rehimeng Estrada at tuluyang ibasura ang propaganda nito na nagsasabing patakaran ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pagrerekrut ng mga mandirigmang bata labag sa pandaigdigang mga pamantayan at alituntunin sa digma.

Ang hungkag na isyung ito ay pinalilitaw ni Estrada at ng mga pasistang kumander niya sa walang saysay na pagtatangkang tibagin ang patuloy na lumalawak na suporta ng mamamayang Pilipino sa armadong pakikibaka at hagsan ng putik ang papataas na prestihiyo ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa larangan ng diplomasyang internasyunal. Ito ay isang desperadong hakbang upang pagtakpan ang mga kasalanan nito sa mga bata, laluna ang pagtarget

*sundan sa pahina 3*



**PINATUTUNAYAN  
NG MGA DATOS  
NA ANG BHB SA  
KABUUAN AY  
TUMUTUPAD SA  
MGA  
INTERNASYUNAL  
NA BATAS AT  
TUNTUNIN SA  
DIGMA  
KABILANG ANG  
PAGBABAWAL  
SA PAGREKRUT  
NG MGA BATA SA  
MGA GAWAING  
PANGKOMBAT.**

◀ Ang rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan sa partikular, ay isang batang kilusan. Mga kabataang nasa kasibulan ng gulang ang bumubuo ng malaking mayorya ng mga kadre, kasapi, upisyal at kawal ng rebolusyonaryong kilusan. Karapat-dapat lamang ito. Sa kasaysayan ng bansa paulit-ulit na pinatunayan ng kabataan na sila ang pinakabukas at pinakainteresado sa rebolusyonaryong pagbabago at pagsulong. Kailangan din ang sigasig ng kabataan at ang matatag na pananalig nila sa kinabukasan para sa pagpupunyagi sa pakikibaka sa kabila ng napakaraming hirap at pagsubok. Isang matingkad na tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang muling pagsigla ng paglahok ng mga kabataan sa rebolusyonaryong pakikibaka at ang kapuna-punang paglaki ng bilang ng bagong dugo sa mga buong-panahong pwersa ng kilusan.

Kaalinsabay, mulat ang Partido, BHB at kilusan sa kabuuan sa mga partikular na katayuan at pangangailangan ng mga nasa murang gulang, laluna ang mga bata. Ang kilusan ay binubuo rin ng iba't ibang tipo ng organisasyon at pwersang militar at di militar at lumalahok sa iba't ibang tipo ng aktibidad at pakikibakang armado at di armado, ligal at iligal, sa mga larangang pulitikal, ekonomiko, kultural, pang-organisasyon, pangkalusugan, militar at iba pa. Kaya habang ubos-kayang pinalalahok sila sa rebolusyon, ang mga murang gulang ay sadyang inaalis sa mga

gawaing pangkombat at pangmilitar. Ang mga bata ay inorganisa sa ilalim ng pagkalinga ng rebolusyonaryong samahan ng kababaihan para bigyan ng namumukod na pansin ang kanilang mga pangangailangan sa kalusugan at edukasyon na labis na pinababayaan ng mga reaksiyunaryong naghaharing uri.

Sadyang tumatalima ang rebolusyonaryong kilusan sa mga internasyunal na batas at tuntunin sa digma, na nagbabawal sa pagrerekut ng mga batang wala pang 15 taong gulang para sa mga gawaing pangkombat. Higit pa rito, noong 1988 ay gumawa ng malinaw na desisyon ang Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral ng Partido na nagtatadhanang di bababa sa 18 taong gulang ang maaaring rekrutin sa mga yunit na pangkombat ng BHB. Ang usaping ito at iba pang usapin sa paggalang sa mga karapatang tao ay sinaklaw ng unang yugto ng usapang pangkapayaan ng GRP at NDFP at ng Komprehensibong Kasunduan (CARHRIHL) na inaprubahan at pinirmahan ng dalawang panig pero tinatanggihang ipatupad ng rehimeng Estrada.

Habang pinapawalang-sala at ibinabalik sa kapangyarihan ang mga Marcos at mga pinakamasahol na tagalabag sa mga karapatang tao sa Pilipinas, ang pangkating Estrada at ang mga alipures nito sa AFP at PNP ay pilit na nagpapakulo ng isyu ng paglabag daw ng BHB sa mga karapatang tao sa anyo ng malawakang pagrekrut diumano ng mga mandirigmang bata. Hanggang ngayon, wala silang naipapakita kundi ilang hiwa-hiwalay na kaso

sa ilang lugarna ang mas marami ay mga biktima ng mga iligal na pang-aaresto at huwad na paratang na mga kasapi ng BHB. Matagal nang gawi ng AFP at PNP na paratangang mga kagawad ng BHB at taniman ng huwad na ebidensyang baril kahit ang mga kasapi ng mga organisasyong masang di armado at di pang-militar at maging ang mga elementong nasa ligal na kilusang demokratiko. Inaasahan ng Partido at BHB na hindi titigil, bagkus ay mas sasahol pa ang panlalait at pang-iintriga ng reaksyunaryo at pasistang rehimeng US-Estrada habang kanilang pinaigting ang militaristang Oplan Makabayan na naglalayong patigilin ang armadong labanan sa bansa sa pamamagitan ng kamay na bakal.

Pinatutunayan ng mga datos na ang BHB sa kabuuan ay tumutupad sa mga internasyunal na batas at tuntunin sa digma kabilang ang pagbabawal sa pagrekrut ng mga bata sa mga gawaing pangkombat. May malinaw na sariling mga internal na tuntunin din ang Partido Komunista at ang BHB tungkol sa pagpapatupad nito. Sa pagkakataong ito ay muling pinaaalalahanan ng Komisyong Militar ng Partido at Pambansang Pamatnugutan sa Operasyon ng BHB ang lahat ng kumand at yunit ng BHB sa iba't ibang dako ng bansa na mahigpit na tiyakin ang pagpapatupad ng patakaran ng Partido at alituntunin ng BHB kaugnay nito. **AB**

**Ilantad at labanan ang walang habas na pang-aapi at pagsasamantala sa mga kabataan ng imperyalismong US at mga naghaharing uring komprador burgesya at panginoong maylupa!**

**Pag-ibayuhin ang pagmumulat sa mga bata at kabataan para sa rebolusyon!**

**Komisyong Militar  
Komite Sentral  
Partido Komunista ng Pilipinas  
30 Agosto 1999**

### ***Mula sa pahina 1***

sa mga bata ng isinasagawa nitong pasistang digma sa kanayunan.

Upang tuluyang mapasinu-ngalingan ang bulok na propagandang ito ng gubyrnong Estrada, inilalathala natin dito ang pahayag noong Agosto 30 ng Komisyong Militar ng Komite Sentral ng Partido na naglililaw sa matagal nang umiiral na patakaran ng Partido at BHB hinggil sa rekisitong minimum na edad ng nirerekut na mga mandirigma sa BHB. Tungo rin sa layuning pagtibayin at higit na ilinaw ang patakarang ito, inilabas ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido (KTKS) noong Oktubre 15 ang memorandum hinggil sa “Minimum na Rekisitong Edad Para sa mga Mandirigma ng BHB” na inilalathala rin natin dito. Nagsisilbi rin ang mga ito bilang paalala sa lahat ng yunit ng BHB.

Dahil sa tindi ng pang-aapi sa kanila, laksa-laksang mga bata at kabataan, laluna ang mga supling ng masang anak-pawis, ang buong-siglang humahanay upang mapabilang sa rebolusyonaryong kilusan. Dulot ng dinaranas nilang kapipihan, agad nilang nababatid na tanging ang mamamayan at ang rebolusyonaryong kilusan ang magtitiyak na mabibigyan ng maliwanag na kinabukasan ang mga bata. Sila at ang kanilang mga aping magulang, ang di-natutuyong balon ng Partido, hukbong bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa. **AB**

---

**DESPERADO ANG  
REHIMENG  
ESTRADA NA  
PAGTAKPAN ANG  
MGA KASALANAN  
NITO SA MGA BATA,  
LALUNA ANG  
PAGTARGET SA  
MGA BATA NG  
ISINASAGAWA  
NITONG PASISTANG  
DIGMA SA  
KANAYUNAN.**

---



# Hinggil sa minimum na rekisitong edad para sa mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral

15 Oktubre 1999

## **I**pinababatid ang sumusunod para makagabay sa mga kinauukulan:

1. Sa ilalim ng Internasyunal na Makataong Batas, partikular ang Artikulo 77, ikalawang parapo ng Protocol I ng Hunyo 8, 1977 bilang karagdagan sa Geneva Conventions ng Agosto 12, 1949 at kaugnay sa Proteksyon ng mga Biktima ng Internasyunal na mga Armadong Labanan, ang magkabilang panig sa armadong labanan “ay magsisikap na bigyan ng prayoridad ang pinakamatanda sa pagrerekluta sa hanay ng mga taong tumuntong na sa edad 15 pero hindi pa tumutuntong sa edad 18 (...).”

Sa ilalim ng Artikulo 4, ikatlong parapo ng Protocol II bilang karagdagan sa Mga Geneva Conventions, ang mga bata na hindi pa tumutuntong sa edad 15 ay hindi pahihintulatang lumahok sa labanan. Sa ilalim ng Artikulo 4, ikatlong parapo, letra “d” ng Protocol II, ang mga batang nahuli na wala pang edad 15

na direktang lumahok sa labanan, sa kabila ng pagbabawal dito sa Artikulo 4, ikatlong parapo, letra “c” ng naturang Protocol ay mananatiling saklaw ng espesyal na proteksyong ibinibigay sa mga bata sa Artikulo 4, ikatlong parapo.

2. Sa ilalim ng Kumbensyon ng United Nations Tungkol sa Mga Karapatan ng mga Bata, na pinagtibay noong Nobyembre 20, 1989, ang mga bata ay binibigyan ng espesyal na mga karapatan hanggang sa edad 18 at ang minimum na hangganang edad na itinatakda para sa paglahok ng mga bata sa mga labanan ay 15 taong gulang.
3. Ang International Committee of the Red Cross at ang Red Crescent Movement ay nananawagan para sa pagpapatibay ng isang opsyunal na protocol kaugnay ng Kumbensyon ng United Nations Tungkol sa Mga Karapatan ng mga Bata na nakatuon pa partikular sa pagbabawal sa pagrerekluta ng mga batang wala pang 18 taong gulang sa mga armadong pwersa at mga armadong grupo at sa kanilang paglahok sa mga labanan. Ang panukalang opsyunal na protocol ay hindi pa pinagtatibay at nagtataglay ng di malinaw na mga termino, tulad ng “tuwiran at di-tuwirang paglahok” at “mga labanan”.

Hanggang sa ngayon, ang umiiral na mga internasyunal na batas na makatao at ng mga karapatang-tao ay nagpapahintulot sa pagrerekluta ng mga taong nasa pagitan ng edad 15 at 18 bilang mga kombatant sa alinmang panig sa armadong labanan.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan at ang Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas ay gumagalang sa nabanggit na batas at nagsasaalang-alang sa sumusunod: sa katotohanang ang BHB ay nagsusulong ng isang digmang bayan; sa brutalidad ng kanyang kaaway na nagpapatupad ng mga akto ng agresyon laban sa mamamayan sa kanyang teritoryo; at lahat ng tao, anuman ang edad ay may likas na karapatan sa pagtatanggol sa sarili. Buu-buong komunidad ay responsable sa kanilang internal na seguridad at maaaring magpatupad ng pagtatanggol sa sarili laban sa nananalakay sa kanila.

Alinsunod sa umiiral na internasyunal na batas na makatao at ng

mga karapatang-tao, pinagtibay noong 1988 ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ang patakarang nagbabawal sa pagrerekluta ng mga batang wala pang edad 18 bilang mga regular na kaanib o armadong mandirigma ng mga yunit pangkombat ng BHB. Patuloy nating itinataguyod ang nasabing patakaran at muling inuulit ito ngayon sa harap ng pinatinding kampanyang *psywar* ng reaksyunaryong gubyerno.

Dagdag pa, inaamyendahan namin ang Punto 1 ng Ikatlong Alituntunin ng Saligang Mga Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan na nagsasaad ng ganito:

**Punto 1. Sinumang mahusay ang pangangatawan, anuman ang gulang, kasarian, lipi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumaban at handang lumahok sa matagalang sandatahang pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado ay maaaring maging kasapi ng isang panlabang pangkat ng Bagong Hukbong Bayan.**

Ang inamyendahang Punto 1 ng Ikatlong Alituntunin ay nagsasaad ng ganito magmula ngayon:

**Punto 1. Sinumang di bababa sa edad 18, may mahusay na pangangatawan at pag-iisip, anuman ang kasarian, lipi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumaban at handang lumahok sa armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado, ay maaaring maging kombatant o kasapi ng isang panlabang yunit ng BHB.**

Sinumang hindi bababa ang edad sa 15 ay maaaring tanggapin bilang mga treyni o aprentis ng BHB at maaaring italaga sa pagtatanggol sa sarili, milisya o iba pang di pangkombat na mga yunit

at gawain

Sa mga kaso ng pananalakay o pagpasok ng kaaway sa teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan, lahat ng higit sa edad 15 ay maaaring mobilisahan para sa pagtatanggol sa sarili, sa kundisyong bibigyan ng prayoridad sa distribusyon ng armas para sa pagtatanggol sa sarili ang pinakamatanda sa hanay ng mga wala pang edad 18 pero lampas na sa edad 15.

Ang naturang amyenda ay kagyat na magkakabisa.

Ang BHB ay mahigpit na tumatalima sa mga prinsipyo at mga instrumento ng internasyunal na batas na makatao at ng mga karapatang-tao. Dapat nating ilantad ang malisyosong kampanyang propaganda ng kaaway na ang BHB ay sistematikong nagrerekluta ng mga bata na wala pang edad 15 para maging mga kombatant.

Dapat kundenahin ang praktis ng kaaway ng pagpatay sa mga batang wala pang edad 15 at pagkatapos ay palalabasing sila ay mga armadong mandirigma ng BHB o di kaya ay ang pagkidnap, pagtortyur, pananakot at pamumwersa sa kanila na umaming sila ay mga kombatant ng BHB at pagbibilanggo sa kanila nang walang taning at pagtrato sa kanila sa malupit at mapanghamak na paraan.

Hinahamon namin ang GRP na panindigan ang kanyang sariling pirma sa Komprehensibong Kasunduan ng GRP-NDFP sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at Internasyunal na Makataong batas at sumang-ayon sa pagpapatupad ng GRP-NDFP Joint Monitoring Committee kung saan maihahapag ang mga reklamo o tumungo nang direktso sa nararapat na internasyunal na korte ng batas at magsampa ng reklamo laban sa anumang sinasabing paglabag sa Geneva Conventions at sa Protocol I at II. **AB**




---

**SINUMANG HINDI  
BABABA ANG  
EDAD SA 15 AY  
MAAARING  
TANGGAPIN  
BILANG MGA  
TREYNI O  
APRENTIS NG  
BHB AT  
MAAARING  
ITALAGA SA  
PAGTATANGGOL  
SA SARILI,  
MILISYA O IBA  
PANG DI PANG-  
KOMBAT NA  
MGA YUNIT AT  
GAWAIN**

---